

Lahat tayo ay may magandang tanong tungkol sa bakuna

Ligtas ba ang mga bakuna sa Covid-19?

Ang mga bakuna sa COVID-19 na ibinibigay sa Canada ay ligtas at epektibo. Inaprubahan ang mga ito ng komite sa Kalusugan ng Canada na kinabibilangan ng mga eksperto sa agham at mga doktor. Ibinabatay ang mga bakunang ito sa parehong pamantayan sa kalidad at kaligtasan gaya ng ibang bakuna na ginagamit sa Canada.

Ang Canada at Quebec ay mayroong komprehensibong sistema sa pagsubaybay sa bakuna.

Gaano kaepektibo ang mga bakuna laban sa COVID-19?

Ang lahat ng bakuna sa COVID-19 ay higit sa 80% epektibo laban sa malulubhang karamdaman, pagkakaospital at pagkamatay. Kung mayroong kang mga ipinag-aalala tungkol sa mga bakuna, makipag-usap sa propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na nagsasagawa ng iyong pagsasala sa sentro ng pagbabakuna. Pagkatapos, makakagawa ka na ng may-kabatirang desisyon.

Bakit mahalaga ang pagbabakuna?

Ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay pumipigil sa malulubhang karamdaman at mga panganib ng komplikasyon. Ang pangunahing layunin ng pagbabakuna laban sa COVID-19 ay para mabawasan ang mga pagkakaospital at pagkamatay na nauugnay sa COVID-19 para sa mga pinaka-nanganganib. Makakatulong din ito para sa pagpapanatili ng mga aktibidad sa kalusugan at mga serbisyong pampubliko at pinahihintulutan ang mga tao na makabalik sa normal na pamumuhay sa lalong madaling panahon.

Sino ang nanganganib?

Ang matatanda ay mayroong mas mataas na panganib na magkaroon ng mga komplikasyon at mamatay dahil sa COVID-19. Ang mga taong mayroong hindi gumagaling-galing na mga karamdaman, na mayroong madalas na kontak sa mga taong nagtataglay ng impeksyon o mga taong may mas mababang imyunidad ay nanganganib din, ngunit ang edad ang nananatiling pangunahing salik ng panganib.

Saan ako makakakuha ng bakuna?

Maaaring kang mabakunahan mayroon man o walang appointment. Para mahanap ang pinakamalapit sa iyo at ang mga petsa na makukuha ito, bisitahin ang [Québec.ca/vaccinCOVID](https://quebec.ca/vaccinCOVID). Libre ang magpabakuna. Hindi ibinibigay ang mga pagbabakuna sa COVID-19 sa pribadong sektor.

Paano kung nahihirapan akong gamitin ang Internet?

Kung nahihirapan kang gamitin ang Internet, humingi ng tulong mula sa kapamilya o mga kaibigan. Kung wala kang access sa Internet, tumawag sa 1-877-644-4545 (toll-free na numero).

Makakakuha ba ako ng bakuna kahit wala akong kard ng seguro sa kalusugan?

Kung hindi ka permanenteng residente at wala kang kard ng seguro sa kalusugan, maaari ka pa ring makatanggap ng bakuna sa COVID-19 dahil ito ay hakbang para sa kalusugan ng publiko upang protektahan ang lahat ng naninirahan sa Quebec. **Kahit ano pa ang iyong estado sa imigrasyon, maaari kang magpabakuna. Ang impormasyong ito ay ginagamit para lamang sa pagtatatag ng pagkakakilanlan ng mga indibidwal sa rehistro ng pagbabakuna.** Hindi ito ipadadala sa mga awtoridad o gagamitin para sa ibang mga layunin. Kung wala kang kard ng seguro sa kalusugan, tumawag sa 1-877-644-4545 (toll-free na numero).

Ilang dosis ng bakuna sa COVID-19 ang kailangan ko para siguradong protektado?

Nangangailangan ng 14 na araw para maging epektibo ang unang dosis. Kailangan ang pangalawang dosis para lalong mabawasan ang pagkalat at dagdagan ang proteksyon na dulot nito pati na rin ang tagal ng proteksyon. Nagiging epektibo ang pangalawang dosis pagtapos ng isang linggo. Isang linggo pagkatapos matanggap ang pangalawang dosis, magkakaroon ka na ng sapat na proteksyon. Para sa mas mabuting proteksyon, dapat maibigay ang pangalawang dosis walo or higit pang linggo pagtapos ng unang dosis.

Para sa mga taong nagkaroon ng COVID-19 nang hindi bababa sa 21 araw bago ang kanilang pagbabakuna, kailangan ang isang dosis ng bakuna. Sinisimulan ng impeksyon ang pagtugon ng sistema ng katawan na panlaban sa sakit kagaya ng epekto ng unang dosis ng bakuna. Kaya ang dosis ng bakuna na ibinibigay sa isang taong nagkaroon ng COVID-19 ay magkakaroon ng dagdag-bisa na tulad ng pangalawang dosis para sa isang taong hindi pa nagkaroon ng impeksyon. Tandaan na hindi mapanganib para sa isang tao na nagkaroon na ng COVID-19 ang tumanggap ng dalawang dosis ng bakuna.

Ang pangalawang appointment ay ibibigay sa iyo sa sentro ng pagbabakuna para sa pangalawang dosis.

Makakatanggap ba ako ng katibayan ng pagbabakuna?

Sa Quebec, kapag mabakunahan ka, bibigyan ka ng papel na kopya ng katibayan ng iyong pagbabakuna. Ginagawa ito sa lahat ng bakuna, kabilang ang mga bakuna sa COVID-19. May makukuha ring digital na katibayan ng pagbabakuna pagkatapos mong matanggap ang pagbabakuna para sa COVID-19. Ang katibayan ng pagbabakuna ay isang PDF file na maaari mong i-download mula sa iyong computer o mobile device. Kahit na mayroon kang digital na katibayan ng pagbabakuna, **mariin** kang pinapayuhan na itago ang papel na kopya ng iyong katibayan.

Pagkatapos ng iyong pagbabakuna sa COVID-19, maaari mo ring i-download ang digital na katibayan ng iyong pagbabakuna sa **self-service portal**. Para i-access ito, pumunta sa <https://covid19.quebec.ca/PreuveVaccinale>. Kapag nasa portal ka na, hihilingin sa iyo na ibigay ang sumusunod na impormasyon:

- Ang iyong pangalan at apelyido;
- Ang iyong petsa ng kapanganakan;
- Ang petsa ng iyong unang pagbabakuna para sa COVID-19;
- Ang brand name ng iyong unang bakuna sa COVID-19;
- Ang numero ng iyong seguro sa kalusugan.

Kapag naberipika na ang impormasyong ito, maaari mo nang i-download ang digital na katibayan ng iyong pagbabakuna, maliban kung may magpakita na mensahe ng pagkakamali. Sa pangyayaring ito, hindi mo mada-download ang iyong katibayan mula sa portal. Magpapakita ang mensahe ng pagkakamali kung:

- Ang ilang impormasyong iyong ibinigay ay hindi tumutugma sa impormasyon sa Rehistro ng Pagbabakuna sa Quebec o sa rehistro ng Régie de l'assurance maladie du Québec (RAMQ).
- Ang iyong mga magulang ay hindi rehistrado sa RAMQ.

Kasalukuyan ang pagsasaayos para makukuha ng lahat ng nabakunahang indibidwal ang digital na katibayan ng pagbabakuna.

Ang mga taong 14 na taong gulang o mas bata ay hindi makakapag-download ng kanilang katibayan mula sa portal.

Kung ang papel o digital na kopya ng katibayan ng iyong pagbabakuna ay may mga pagkakamali, dapat mong ipawasto ang mga ito. Magtakda ng appointment sa Clic Santé online sa pamamagitan ng pagpili sa COVID-19 Vaccine - Troubleshooting service. Pagkatapos dapat kang personal na pumunta sa sentro ng pagbabakuna na dala ang iyong kard ng seguro sa kalusugan o ibang pagkakakilanlan.

Para sa karagdagang impormasyon sa katibayan ng pagbabakuna, bisitahin ang:

<https://www.quebec.ca/en/health/health-issues/a-z/2019-coronavirus/progress-of-the-covid-19-vaccination/proof-covid-19-vaccination>

Tandaan: binabawasan ng bakuna ang mga sintomas at pinipigilan ang mga komplikasyong medikal na nauugnay sa COVID-19. Ang pagpapabakuna ang pinakamahasag na paraan ng proteksyon.